国勢調査 2020

# Para sa lahat ng naninirahan dito sa Japan maging ano man ang nasyonalidad



# "National census"

Isasagawa ang statistical survey o national census ng bansang Japan sa taong ito. Kasama sa census ang lahat ng naninirahan sa Japan maging anuman ang inyong nasyonalidad at kailangang sagutan ang mga katanungan sa survey.

Importante ang survey para malaman ang bilang ng mga tao na naninirahan sa bansa gayundin ang paggamit ng datus para sa kaaya-ayang pamumuhay ng mga mamamayan gayundin ng mga dayuhan. Mangyari lamang ay sagutan ang mga katanungan.

## ■Proseso ng survey

- Ngayong Setyiembre, lahat ng sambahayan ay tatanggap ng sulat na naglalaman ng porma ng Census. Nakasaad ang eksplinasyon kung paano sasagutan ang mga tanong sa harapan ng sobre, Basahin at gawing gabay ito sa pagsagot sa mga katanungan.
- Para sa detalye tingnan sa "Census 2020 General Website https://www.kokusei2020.go.jp/". Nakasalin din sa iba't ibang wika.

## ■Pagsagot sa mga katanungan [Internet o mail] [Hanggang-Oktubre 7]

**(1) Pagsagot sa mga katanungan gamit ang Internet (Sept. 14 ~ Oktubre 7)**

| Madaling sagutan | Maipapadala ang kasagutan 24 oras | May suporta sa iba't ibang wika |
|---|---|---|
| Mag-access sa QR code.<br>※Ang QR code ay nakasaad sa gabay sa pagsagot sa katanungan sa Internet sa harapan ng sobre | Maaring mag- log in anumang oras gamit ang inyong cellular phone, tablet o PC | May pagsasalin sa English, simpleng Chinese, Korean, Vietnamese, Portuguese, at Spanish. |

(2) Kung nais ipadala ang kasagutan sa koreo, punan lamang ang mga kasagutan sa "Census Survey Form" at ilagay sa sobreng kasama ng porma at ilagay sa postal box (hindi kailangan ng stamp)

※Kung hindi ninyo maintindihan ang ipinadalang"Census Survey Form"na nakasulat sa Nihongo, magsadya lamang sa city o town hall para mabigyan kayo ng "Survey form" na nakasalin sa inyong wika. (ang survey ay nakasalin sa 27 na wika)".

### ■Personal na impormasyon ay puprotektahan

Ang kasagutan sa survey ay pang istatistiko na gamit lamang. Hindi ito pagkukuhanan ng impormasyon para sa buwis, imigrasyon o sa pag-imbistiga ng polisya o iba pa.

## ■Mga pagtatanong ukol sa national census

| Census Call Center (Navi Dial) **0570-07-2020** | | | |
|---|---|---|---|
| Oras ng tanggapan | **Sept.7 ~ Oktubre 31**<br>(Bukas din sa Sabado, Linggo at pista opisyal)<br>8:00~～21;00 | May tagasalin sa ibang wika | Japanese, Chinese, Korean, English, Vietnamese, Spanish, Portuguese, Thai, Nepali, Filipino, Indonesian |

フィリピン語




**Ang FICEC ay tumatanggap ng mga pagpapayo at konsultasyon sa pang-araw araw na pamumuhay mula Lunes~ Biyernes, 10 a.m. ~ 4 p.m. Mga halimbawa:**

### Parehas kaming dayuhan na mag-asawa at kami ay nagka-anak. Paano ang visa ng aming anak?

Pumunta sa city hall at magsumite ng birth registration sa loob ng 14 araw. Kumuha din ng notification of birth certificate. Dalhin ang notification of birth certificate sa embassy o consular office ng inyong bansa at mag-apply para sa passport ng inyong anak.

Pumunta sa Immigration Bureau sa loob ng 30 days mula ng pagkapanganak at mag-apply para sa residence permit ng bata. Dalhin din ang mga dokumentong kailangang ipasa: notipikasyon ng birth certificate na galing sa city hall, residence card ng mga magulang, sertipikasyon ng pagbayad ng residence tax, employment certificate, resident card galing sa city hall kung saan nakalista ang lahat ng miyembro ng sambahayan, at passport ng bata. Kung kayo ay uuwi na sa inyong bansa sa loob ng 60 araw, hindi na kailangang mag-apply para sa visa ng bata.

### Dahil sa epekto ng pandemya ng coronavirus ay lumiit ang aking sahod. Narinig ko na ang Social Welfare Council ay nagbibigay ng suporta ng pagpapahiram hanggang 600,000 yen.

Maraming gustong mag-apply para sa espesyal na pagpautang ng General Support Fund ng Social Welfare Council. Isa itong pagpautang kung saan ang pagbabayad ay magsisimula lamang pagkatapos ng 3 buwan. Ang pagbayad ay installment payment. Maging responsible sa pagbayad ng utang. Ang perang inutang ay kailangang ibalik at bayaran. Ang FICEC ay isang NPO na sumusuporta sa mga taong sumusunod sa batas at tumutupad sa kanilang obligasyon.

## Bersyon ng Simpleng Japanese ng Gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay ng Fujimino-shi

Isinagawa ng Fujimino City ang gabay sa pang-araw- araw na pamumuhay na nakasalin sa iba't ibang mga wika para makatulong sa lahat ng mga residente. Naisagawa na rin ang bagong edisyon ng "Simpleng Japanese" na idinagdag sa 6 na wikang English, Chinese, Korean, Portuguese, Tagalog at Vietnamese. May mga larawan at iba pang mga illustration para mas madaling maintindihan.

Makakakuha ng kopya sa city hall o sa FICEC. Ito ay libre. Maari din mabasa sa website ng Fujimino City.




## Points ng My number card

**Mayroon ba kayong My Number card?**

Kung mayroon kayong My Number card at ito ay ginagamit ninyo, maari kayong makakuha ng My number card point (hanggang 5000 yen) na magagamit ninyo sa inyong pagsa-shopping. May iba't ibang paraan para makakuha ng points para sa My number card point.

Para sa detalye at iba pang impormasyon sa pagkuha ng My number card point magsadya lamang sa city hall.






## Maari nang mag-aral ng Nihongo araw-araw



**[Kailan]** Lunes ~ Biyernes (sarado pag araw ng pista opisyal)

**Oras** : 10:00 ~ 12:00 **Walang bayad.**

**[Saan]** Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC)

**049-256-4290**

Kung hindi pa kayo marunong ng Nihongo o gusto ninyong mas matuto, magsadya lamang. (mula 6 na taon gulang at pataas).

Ang mga bata ay matututo ng Nihongo habang naglalaro. Ang mga maliliit na bata ay kailangang samahan ng kanilang magulang. Ang mga magulang ay maari ding mag-aral.

Dahil sa corona virus limitado ang bilang ng taong tatangapin